Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE MAYOR
RECEIVED
BY:
DATE: 4-28-97
STA ROSA, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING LIMANG NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-16 NG ABRIL, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
7. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
8. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
9. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 71-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Algabre na pinangalawahan ni Kag. Bustamante)

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KGG. PUNONG-BAYAN ROBERTO R. GONZALES NA MADAGDAGAN NG APAT NA MINI DUMP TRUCK ANG TANGGAPAN NG PAMBAYANG KALUSUGAN AT KALINISAN UPANG MABAWASAN ANG LUMALALANG PROBLEMA SA BASURA SA BAYAN NG SANTA ROSA.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay iisa ang garbage truck na nagagamit sa paghahakot ng basura sa buong Sta. Rosa;

SAPAGKA'T, dumarami ang populasyon o residente sa Sta. Rosa kung kaya't ang epekto ay pagdami rin ng basura sa kapaligiran;

SAPAGKA'T, ang nagtambak at nagkalat na basura sa kapaligiran ay ang pangunahing epidemya ng sakit sa Pamayanan;

SAPAGKA'T, ang GSO at ang mga Garbage Collectors na pinulong ng Komite sa Pambayang Kalusugan at Kalinisan at nagsulit ng rekomendasyon na madagdagan ng 4 dump truck (mini dump truck) upang agarang maisaayos ang problema sa basura.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling sa Kgg. Punong-bayan Roberto R. Gonzales na mapalaanan o madagdagan ng 4 mini dump truck ang tanggapan ng Pambayang Kalusugan at Kalinisan upang agarang maisaayos ang problema sa basura.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-15 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-16 ng Abril, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim